# Balitang Manmin

BILANG 204 HUNYO 3, 2018

# Naglabas ng mga Bagong Programa ang GCN para Maibahagi ang Mabuting Balita sa Buong Mundo




Gumagawa at nagpapalabas ang GCN, isang istasyon sa TV, ng iba't ibang programa tungkol sa salita ng buhay, mga makapangyarihang pagkilos, mga patotoo, at mga programang nagpapakita ng pagtatanghal at kulturang Cristiano (www.gcntv.org). May mga bagong programang ipinapalabas ngayon, maganda ang pagtanggap sa mga programang ito sa loob at labas ng Korea.

Ang mga programang ito ay: *The Heart of God*, tumutulong ito sa mga manonood sa pagpapalago ng kanilang pananampalataya; *The Providence of Creation*, tumutulong ito na madama ng manonood ang kapangyarihan, kabanalan, at walang hanggang pag-ibig ng Diyos na makikita sa Kanyang mga nilikha; *Power*, ipinapakita dito ang kapangyarihan ng Diyos na hindi maipapaliwanag ng tao; *Hello, Basic English*, nagtuturo ng pagsasalita ng wikang Ingles; Nihaoma, nagtuturo ng pagsasalita ng wikang Tsino; *Manmin Story*, pagsasadula ng mga patotoo ng mga miyembro ng Manmin; *Do You Know?*, ipinapakilala ang mga bagong awiting papuri ng Manmin sa iba't ibang paraan at tema ng mga palabas; at *Let's Learn*, nagtuturo ng mga sayaw para sa pagsamba.

Bago maipalabas ang mga bagong programa, minahal na ng mga manonood ang GCN dahil sa iba't ibang programa nito tulad ng *Creation and Science*, na nagpapakita ng kalooban ng Diyos tungkol sa paglikha at pinapatunayan din dito na totoo ang nakasulat sa Biblia sa mga sermon ni Dr. Lee; *WCDN*, pinapatunayan dito ang tungkol sa pagpapagaling sa pamamagitan ng pananalangin ni Dr. Lee ayon sa pag-aaral at impormasyong medikal. *Reminiscence*, pagbabalik-tanaw sa mga ginawang krusada sa ibang bansa at mga patotoo ng mga manggagawang nakibahagi sa ministeryong ito; *Meditation*, araw-araw na pag-aaral at pagninilay sa isang talata mula sa Biblia; *Book Recommendation*, ipinapakilala ang mga librong isinulat ni Dr. Lee para makatulong sa buhay ng isang Cristiano; at *Beautiful Dance*, isang programang tungkol sa pagsasayaw para sa mga bata.

"Humayo kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng nilikha" (Marcos 16:15).

Nagkaroon ng pangitain tungkol sa ministeryo ng pagbobrodkast ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, Tagapagtatag at Tagapangulo ng GCN. Naisip niya na epektibo itong paraan para makapagdala sa Panginoon ng maraming kaluluwa mula sa buong mundo bago magwakas ang panahon. Noong Enero 2000, habang idinadalangin niya ito, sinimulan niya ang Manmin TV, tinawag na GCN noon. Ipinalabas dito ang mga krusada niya sa ibang bansa habang ito ay kasalukuyang ginaganap para mapanood ng lahat ng tao sa buong mundo ang kapangyarihan ng Diyos na Manlilikha, ni Jesu-Cristo, at ng Banal na Espiritu.

Noong taong 2004, nagkaisa ang mga Cristianong brodkaster sa layunin nilang ibahagi ang ebanghelyo sa lahat ng tao sa buong mundo sa pagbobrodkast. Dahil dito sinimulan nila ang Global Christian Network (GCN). Noong Oktubre 2005, ipinalabas ang kauna-unahang programa sa channel 17, isang istasyon ng telebisyon sa New York. Magmula noon, nakipagtulungan na ang GCN sa mga pangunahing brodkaster sa buong mundo. Ipinapalabas ang mga programa nito sa 170 mga bansa sa pamamagitan ng iba't ibang istasyon, satellite, at cable. Mayroong pagkauhaw ang mga tao sa mga bagay na espirituwal ngayon, lalo na dahil malapit ng magwakas ang panahon, kaya patuloy na isinisigaw ng GCN ang tungkol sa katotohanan para malaman ng maraming kaluluwa ang tungkol sa katotohanan at kaligtasan. Nagpapadala ng mg patotoo ang mga manonood, at pinatunayan ng mga brodkaster ang malaking impluwensya ng mga programa ng GCN sa buhay ng mga tao.

Kamakailan lang, bumili ang Manmin Central Church ng van na napakalinaw na magbobrodkast ng mga programa ng Manmin na ginagawa sa labas ng istasyon. Mula noong Marso 25, ipinapalabas na nito ang mga gawain ng iglesya. Napakalinaw na napapanood ang lahat ng pagsamba, pulong panalanging Daniel, at lahat ng mga kaganapan kaysa sa pangkaraniwang klase ng pagbobrodkast.

Ang HD OB van ay may timbang na 16 tonelada, matatag ito, hindi umuuga, may mga kamera, zimizib, switcher, at mixer (ginagamit para maisaayos ang tamang tunog). Ito ay mayroong video room, audio room, production room, at freight room. Mga manggagawa ng GCN ang namamahala dito.

## "Tumanggap kami ng malaking pagpapala sa paglilingkod namin sa GCN!"



"Minamahal at nirerespeto ng mga Ruso sa iba't ibang panig ng mundo si Dr. Jaerock Lee. Inihahatid niya ang mensahe ng Biblia ng malinaw at madaling maintindihan. Malaking pagpapala at tulong ito sa amin."

Mr. Yury Chernyetsky, Presidente ng Impact TV, Estados Unidos




"Ibinobrodkast ng GCN ang ebanghelyo ng kabanalan ng walang bahid sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee at ang kultura ng pagtatanghal ng Manmin. Dahil sa mga programang ito, maraming naliligtas."

Rosalba Rodriguez De Rincon, Presidente ng Enlace TV, Colombia



"Maraming tumatanggap ng mga biyaya dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit. Lumaya sila mula sa masasamang espiritu, gumaling mula sa kanser, sakit sa baga, sa tiyan, at iba pa. Nagbuntis din ang mga walang kakayahang magbuntis!"

Abraham Vincent, Presidente ng Arul Vakku GCN, India



"Dahil sa mga sermon ni Dr. Jaerock Lee, nakaranas ng mga himala ang maraming tao. Nagsisilbing liwanag ng buhay nila ang mga mensahe niya, lumalago ang pananampalataya nila kapag napapanood at napapakinggan nila ang tungkol sa mga himala."

Esteban Handal, Presidente ng JBN TV, Honduras



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Na ang mga ito, sa pamamagitan ng pananampalataya'y lumupig ng mga kaharian, naglapat ng katarungan, nagtamo ng mga pangako, nagpatikom ng mga bibig ng mga leon, pumatay ng bisa ng apoy, tumakas sa mga talim ng tabak, lumakas mula sa kahinaan, naging makapangyarihan sa digmaan, nagpa-urong ng mga hukbong dayuhan. Tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli. Ang iba'y pinahirapan at tumangging tumanggap ng paglaya upang makamit nila ang higit na mabuting pagkabuhay na muli. Ang iba'y nagtiis ng pagkalibak at paghagupit, at maging ng mga tanikala at pagkabilanggo. Sila'y pinagbabato hanggang mamatay, nilagari, pinagpapatay sa tabak, sila'y naglibot na may suot na balat ng mga tupa at kambing, mga naghihirap, pinag-uusig, inaapi (na sa mga iyon ay hindi karapat-dapat ang sanlibutan). Sila'y nagpalaboy-laboy sa mga ilang, sa mga kabundukan, sa mga yungib, at sa mga lungga sa lupa."
(Sa Mga Hebreo 11:33-38)

# Higit Pa sa Mundo ang Nararapat sa mga Taong Tulad Nila (1)

Sa nakaraang edisyon, tinalakay natin ang tungkol sa pananampalataya ni Elias na nakapagpabagsak ng kasagutang apoy, ni Esther na naligtas ng mga kababayan niya, at ni Daniel na hindi bumitaw sa Diyos kahit may banta sa buhay niya. Ang mga dakilang ama ng pananampalataya ay hindi natakot sa kahit na anong banta dahil may espirituwal na katapangan sila na nagmumula sa pag-ibig ng Diyos.

Talakayin natin ang tungkol sa mga ama ng pananampalataya sa panahon ng Bagong Tipan na nagtagumpay sa mundo dahil nakipag-isa sila sa Panginoon sa pananampalataya.

## 1. Perpektong Pananampalataya, Ibibigay ang Sariling Buhay

"Sinabi nga sa kanila ni Jesus, 'Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, malibang inyong kainin ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang Kanyang dugo, wala kayong buhay sa inyong sarili. Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking dugo ay may buhay na walang hanggan, at siya'y muli Kong bubuhayin sa huling araw. Sapagkat ang Aking laman ay tunay na pagkain, at ang Aking dugo ay tunay na inumin.'"

Anong kahulugan ng 'kainin ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang dugo Niya'? Ang Salita ay Diyos (Juan 1:1), at ang Salita ay naging tao at dumating sa mundo (Juan 1:14). Siya ay si Jesus. Kaya ang kahulugan ng kainin ang laman ng Anak ng Tao ay gawing tinapay ng buhay ang Salita ng Diyos. Basahin at pagnilayan ninyo ang Salita ng Diyos araw-araw. Kapag 'kinain ninyo ang laman ng Anak ng Tao', dapat din ninyong 'inumin ang dugo Niya'. Sinasabi dito na hindi lang ninyo pag-aaralan ang Salita, dapat din ninyong sundin o gawin ang sinasabi nito. Sa diwang espirituwal, dapat iwaksi ang kasamaan at palitan ito ng kabutihan at pagmamahal.

Kapag lumalakad kayo sa Liwanag dahil isinasabuhay ninyo ang Salita, lilinisin ng dugo ng Panginoon ang lahat ng kasalanan ninyo (1 Juan 1:7) at magiging perpekto ang pananampalataya ninyo (Santiago 2:22). Tiyak din ang pag-asa ninyong muling mabubuhay, kaya wala dito sa lupa ang pinanghahawakan ninyo. Mayroon din kayong perpektong pag-ibig, handa kayong ibigay ang buhay ninyo para sa Panginoon.

Ito'y sapagkat alam ninyo at naniniwala kayo na ang kaluwalhatiang ibibigay sa inyo sa langit ay mas malaki kaysa sa panandaliang pag-uusig na mararanasan ninyo dito sa mundo, kahit patayin pa kayo. At dahil batid na ninyo ang tungkol sa pag-ibig ng Panginoon na nagsakripisyo ng lahat para sa inyo, ibibigay din ninyo sa Kanya ang buhay ninyo.

## 2. Ang mga Ama ng Pananampalataya na Nagmahal sa Diyos ng Higit Pa sa Buhay Nila

### 1) Ang mga disipulo ng Panginoon ay nakaranas ng malupit na pag-uusig at pagmamartir.

Si Apostol Santiago, kapatid ni Juan, ang nauna sa mga disipulo ng Panginoon na namatay bilang isang martir. Pinugutan siya ng ulo noong panahong naghahari si Herodes. Si Apostol Pedro ay nagdusa mula sa mga pag-uusig, pagbabanta, at pagbilanggo. Pero matapang niyang ipinangaral ang ebanghelyo. Sa itinakdang panahon, naging martir siya, ipinako siya sa krus ng pabaliktan. Si Apostol Juan ay inilubog sa kumukulong langis noong panahon ni Emperador Domitian, pero hindi siya nasaktan dahil kasama niya ang Panginoon. Pagkatapos, itinapon siya sa Patmos at doon niya isinulat ang aklat ng Pahayag.

Ang dahilan kung bakit natiis ng mga disipulo ng Panginoon ang mga pag-uusig at pagmamartir ay sapagkat mayroon silang pananampalataya na mula sa Diyos, puno ng pagmamahal para sa Panginoon ang mga puso nila. Lahat ng bagay ibinigay nila sa Panginoon, pati ang buhay nila.

### 2) Si Apostol Pablo ay pinugutan habang nangangaral ng ebanghelyo sa mga Hentil.

Ipinanganak si Apostol Pablo bilang isang mamamayan ng Imperyo ng Roma. Mayaman siya at may pinag-aralan, malawak ang kaalaman niya. Pero iniwan niya ang lahat ng nakasanayan niya pagkatapos niyang makatagpo si Jesu-Cristo. Nalugod siya sa gitna ng mga pagdurusang tiniis niya para sa iglesya, ang katawan ni Cristo (2 Mga Taga-Corinto 11:23-27). Siya ay hinubaran at binugbog sa harapan ng mga tao at ibinilanggo, pero nagpuri siya sa Diyos (Ang Mga Gawa 16:22-25). Binato siya ng mga tao, itinapon siya sa labas ng templo dahil akala ng mga tao ay patay na siya (Ang mga Gawa 14:19).

Pero, sumunod pa rin siya sa Panginoon dahil batid niyang minamahal siya ng Diyos (Mga Taga-Roma 8:35-37). Inusig niya ang mga iglesya at mga nananampalataya sa Panginoon, pero lumapit sa kanya ang Panginoon at hinirang siyang maging apostol. Lubos siyang nagpasalamat sa pagpapalang ito ng Diyos.

Maalab niyang ipinangaral ang ebanghelyo bilang apostol sa mga Hentil, at sa itinakdang panahon, pinugutan siya ng ulo. Hanggang sa kamatayan, ibinigay niya ang lahat para sa Panginoon.

### 3) Tiniis ng mga miyembro ng Unang Iglesya ang matinding pag-uusig sa Colosseum.

Noong taong 64AD, nagkaroon ng malaking sunog sa Roma. Sinasabing si Nero ang sumunog sa Roma para maitayo ang Imperyo ng Roma. Pero ibinintang niya ang panunugnog sa mga Cristiano, dinakip niya ang mga ito. Pinapanood ni Nero ang mga tao habang nilalapa ng mababangis na hayop ang mga Cristiano sa Colosseum.

Karamihan sa kanila ay hindi natakot sa kamatayan. May mga ipinakain sa kanila sa mababangis na hayop habang nananalangin at inihahabilin ang mga kaluluwa nila sa Panginoon, ang iba naman ay nangamatay ng magkakahawak-kamay habang nagpupuri sa Diyos at nakatingala sa langit. Naghandog sila ng kaluwalhatian sa Diyos hanggang sa magwakas ang buhay nila.

### 4) Hindi nakaligtas sa pag-uusig at pagmamartir ang mga miyembro ng Unang Iglesya.

Lalong lumala ang pag-uusig sa mga Cristiano sa buong ikalawang dekada. Pinagbawalan silang pumunta sa mga pampublikong lugar at binato sa mga kalsada. Matindi ang pag-uusig sa mga lider ng iglesya.

Isang Obispo ng Iglesya ng Antioch si Ignatius na taga-Antioch. Pinakain siya sa mga leon sa Colosseum bilang isang martir. Si Polycarp ay disipulo ni Apostol Juan at isang Cristianong Obispo ng Smyrna. Pinilit siyang tawaging Panginoon ang Emperador ng Roma, pero hindi siya sumunod kahit maraming banta sa buhay niya. Sinunog ang katawan niya.

Napilitang manirahan sa mga libingan sa ilalim ng lupa (Catacombs ang tawag dito), ang mga Cristiano sa Roma dahil lalong naging malupit ang pag-uusig na pinagdaanan nila. Nanatili sila doon ng ilang dekada habang may banta ng kamatayan.

Napakakaawa-awa ng buhay nila, halos ituring na silang mga patay, pero tiniis nila ang lahat dahil sa pagmamahal nila sa Panginoon. Itinanim nila ang pag-ibig ng Panginoon sa puso nila, nanalangin at nagpuri sila araw-araw. Nagsalita sila tungkol sa makalangit na kagalakan na tinatamasa ng mga taong nauna ng mamatay, at nabuhay silang may pag-asa na makarating sa langit.

Ang mga pag-uusig ay matindi bago opisyal na kilalanin ang Cristianismo. Hindi pinayagan ang mga Cristianong maging mga mamamayan, sinunog ang mga iglesya, at maraming dinakip na mga pastor at mga lider ng iglesya. Ang mga bilanggong lider ng iglesya ay pinilit na sumamba sa mga diyus-diyosan ng Roma, at kapag hindi sila pumayag, malupit ang parusang ipapataw sa kanila. Binigyan ng pagkakataon ang mga martir para mabuhay pero kung ikakaila nilang Cristiano sila. Hinarap nila ang kamatayan ng may kagalakan at ibinigay ang mga buhay nila sa Panginoon.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, idinadalangin ko sa Pangalan ng Panginoon na bigyang lugod ninyo ang Diyos sa pananampalatayang higit pa sa nararapat, nawa'y makamit ninyo ang bawat biyayang inihahanda para sa mapagmahal na mga anak Niya.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Pagtitiwala at Pag-ibig

Dapat nating ibigay sa Diyos ang taos-pusong pag-ibig at perpektong pagtitiwala. Anong klaseng tiwala at pag-ibig ang ibinibigay ninyo sa Kanya? Pag-aralan natin kung paano tayo magkakaroon ng ganap na pagtitiwala at pag-ibig para sa Diyos, sa Panginoon, at sa Banal na Espiritu.

## Iwaksi ninyo ang makalamang pag-iisip na laban sa Diyos

Mababasa sa Mga Taga Roma 8:7, "Sapagkat ang kaisipan ng laman ay pagkapoot laban sa Diyos; sapagkat hindi ito napapasakop sa kautusan ng Diyos, ni hindi nga maaari." Ano ang itinutukoy ng 'kaisipan ng laman'?

Ang 'kaisipan ng laman' ay kasamaan na lumalabas sa puso sa pamamagitan ng pagkilos ng kaluluwa. Nagkakaroon ng mga pagnanasa ang puso dahil dito at pinipigilan nito ang mga tao na magkaroon ng espirituwal na pananampalataya na kinalulugdan ng Diyos. Kung mayroong 'kaisipan ng laman' ang isang tao, huhusgahan nila ang lahat ng bagay ayon sa sariling pamantayan nila at palagi nilang uunahin ang sariling kapakanan, kung saan sila makikinabang. Ang mga taong may ganitong klaseng pag-iisip ay pipintasan kung ano ang tama, aakalaing mabuti ang masama, at nabubuhay ng hindi nalalaman ang tungkol sa mga kamalian nila.

Halimbawa, nakasalubong ninyo ang isang taong kinatutuwaan ninyo, binati ninyo siya pero hindi niya kayo binati, ni hindi siya ngumiti. Iisipin ninyo, 'May ginawa ba akong mali sa kanya? Akala ko mabait siya, hindi pala!' Nag-iba agad ang tingin ninyo sa kanya. Hindi ninyo inisip na baka may problema siya, hinusgahan ninyo siya ayon sa inyong madaya at pabagu-bagong kalooban.

Sa 2 Samuel kabanata 6, makikitang nagalak si Haring David nang maibalik ang kaban ng PANGINOON sa Jerusalem. Masaya siyang nagsayaw at nagpuri sa Diyos. Nang makita siya ng asawa niyang si Michal, nagalit ito sa kanya, inisip nitong kahiya-hiya ang ginawa ni Haring David. Hinusgahan siya ni Michal ayon sa kasamaan at kayabangan nito kahit ang ginawa niya ay mabuti ayon sa paningin ng Diyos.

Sa Lucas 13, nakasulat ang tungkol sa isang babaing labingwalong taong may karamdamang mula sa masamang espiritu. Baluktot ang katawan niya, hindi siya makatayo ng tuwid. Inilapat ni Jesus ang mga kamay Niya dito; agad tumuwid ang katawan nito at nagsimula itong magpuri sa Diyos.

Pero nagalit ang isang opisyal ng sinagoga dahil nagpagaling si Jesus sa araw ng Sabbath. Sinabi ng opisyal sa mga tao na bawal magpagaling kapag araw ng Sabbath. Hindi niya inisip na Diyos ang kumilos, at ang mga taong nabubuhay sa pagdurusa ay nakakaranas ng pag-ibig Niya. Dahil walang pag-ibig at kabutihan sa puso niya, nanghusga siya ayon sa pagmamatuwid at sariling pamantayan niya. Ipinilit niya na kalooban ng Diyos ang sinabi niya.

Kung may masasamang ugali ang isang tao tulad ng galit, inggit, kasibaan, o pagmamalinis at pagkamakasarili, lumalabas ang makalaman na pag-iisip. Iisipin nila na masama ang isang bagay na mabuti. Kaya tanggalin natin ang makalaman na pag-iisip na lumalaban sa Diyos. Kung itatanggi ninyo na mabuti ang isang bagay na mabuti, kayo ang masama. Iwaksi ninyo ito agad, sikapin ninyong mag-isip ng mga bagay na espirituwal tungkol sa lahat ng bagay. Sinasabi ng 1 Mga Taga-Corinto 2:13, "Na ang mga bagay na ito ay aming sinasabi hindi sa mga salitang itinuro ng karunungan ng tao, kundi ng itinuro ng Espiritu na ipinapaunawa ang mga espirituwal ng mga espirituwal." Maiintindihan at magtitiwala kayo sa Diyos na espiritu kung espirituwal ang pag-iisip ninyo.

## Dapat ninyong maintindihan ang mabuting kalooban ng Diyos, pakinggan ninyo ang sinasabi ng Banal na Espiritu at tanggapin ang paggabay Niya

Sa Mateo 15, may isang babaing Hentil na humiling kay Jesus na palayasin ang maruming espiritu mula sa anak niyang babae.

Pinuri ni Jesus ang pagpapakumbaba nito, agad Niyang sinagot ang panalangin nito. Kung naging mapagmataas siya, baka nasaktan lang siya, nanghina, at sumuko. Pero may pananampalataya ang babaing ito, sapat na ito para tumanggap ng kasagutan. Ito ang dahilan kung bakit hindi nagbago ang pagtitiwala niya sa Diyos, pinatunayan niya ang kabutihan ng Diyos.

Nakita ni Jesus ang pananampalataya niya, kaya binigyan siya ng pagkakataon na punuin ang sukat ng katarungan para tumanggap ng kasagutan at ipakita ang pananampalataya niya hanggang sa huli. Nais din ni Jesus na magpakumbaba at magpatotoo siya para maipakita kung ano ang kahulugan ng tunay na pananampalataya sa mga taong madaling manghina, manisi sa Diyos, at magbago kung matagalan ang pagdating ng kasagutang inaasahan.

Ang mga taong may mabuting kalooban ay nagtitiwala sa kabutihan at pag-ibig ni Jesus, pinag-iisipan nila ang mga bagay tungkol kay Jesus. Kapag tinanggap ninyo ang Panginoon at tanggapin ang Banal na Espiritu, gagabayan Niya kayo. Kikilos kayo ayon sa kabutihan habang iwinawaksi ninyo ang kasamaan at makalaman na pag-iisip.

Pero, hindi kayo matutulungan ng Mang-aaliw, ang Banal na Espiritu, kung masama ang pag-iisip ninyo, sinungaling, at nakikipagkasundo sa mundo. Kapag gigibain ninyo ang makalaman na pag-iisip, tatanggapin ang Banal na Espiritu, at puro kabutihan ang iisipin, matatanto ninyo ang malalim na kalooban ng Diyos. Habang lumalalim ang pag-intindi ninyo tungkol dito, lumalalim din ang pagtitiwala ninyo sa Diyos.

## Lumalaki ang pagtitiwala habang lumalaki ang pagmamahal

Si Jesus ay pinagtiwalaan at minahal ng disipulong si Pedro habang ito ay nagmiministeryo sa mga tao, at ng ipako ito sa krus, mas naging malalim pa ang pagmamahal niya dito. Ang kanyang guro na si Jesus, na mahal na mahal niya, mabuti at mahalagang Anak ng Diyos ay kaawa-awang ipinako sa krus sa harapan niya. Pero, ikinaila niya ito sa halip na protektahan, ito'y isinumpa pa niya.

Tahimik na tumingin si Jesus sa kanya, walang anumang galit, tinanggap ang pagdurusa na dala ng pagpako sa krus. Pagkatapos makita ni Pedro ang paghihirap ni Jesus na namatay para sa kanya, lumago at lumalim ang pag-ibig niya. At habang lumalago ang pag-ibig niya, tumaas din ang antas ng pagtitiwala niya kay Jesus.

May takot siya noon, kahit sa isang lingkod na batang babae, pero pagkatapos ng pagkabuhay na muli ng Panginoon, nangaral siya ng ebanghelyo kahit napaligiran siya ng mga taong mukhang nakahandang pumatay. Kahit noong ipinako siya sa krus ng pabaliktad, hindi natinag ang pananampalataya niya. Naging martir siya, may kaluwalhatian, maalab na pagmamahal, at matibay na pagtitiwala.

Nawa'y magkaisa tayo sa tunay na pagtitiwala at pagmamahalan dito sa mundo. Aliwin at ibigin natin ang Diyos sa Bagong Jerusalem.



# "Gumaling ako mula sa AIDS dahil sa kapangyarihan ng Diyos!"

Kapatid Ngunza Izeko Celestine, 59 taong gulang,
Kinshasa Manmin Church, DR Congo

Noong taong 2003, habang ipinagluluksa ko pa ang pagkamatay ng asawa ko, tumanggap na naman kami ng isa pang malungkot na balita; may sakit akong AIDS, isang sakit na hindi nagagamot.

Hindi ako pumapalya sa pag-inom ng gamot na nakukuha kong libre sa care center, pero hindi ako gumaling. Dumanas ako ng matinding pananakit ng ulo at tiyan. Nawalan ako ng ganang kumain kaya pumayat ako. Pinagdusahan ko ang sakit na ito, pero mas nalungkot ako para sa mga anak ko.

Hindi ko sila maalagaan, umasa ako sa tulong ng ibang tao. Alam ko din na malapit na akong mamatay. Kapag iniisip ko na mabubuhay ng walang mga magulang ang mga anak ko sobra akong nalulungkot. Noong Abril 2016, pagod na pagod ang katawan at espiritu ko. Wala na akong pag-asang mabuhay. Isinama ako ng kapitbahay kong si Nguvu Bernadette sa Kinshasa Manmin Church.

Pinakingan ko ang ebanghelyo at tumanggap kay Jesus bilang sariling Tagapagligtas. Dahil sa mga sermon ng Punong Pastor Dr. Lee lubos na nagbago ang buhay kong malungkot.

Nang marinig kong sinabi ng Punong Pastor na walang imposible para sa Diyos, at nakitang maraming taong gumaling mula sa mga karamdamang hindi nagagamot at nakamamatay, gusto ko ring gumaling. Nagkaroon ako ng pag-asang mabuhay. Dahil narinig ko na ang mga karamdaman ay nagmumula sa mga kasalanan, araw-araw kong pinagsisihan habang umiiyak ang mga naging kasalanan ko para gumaling ako (Exodo 15:26).

Noong Nobyembre 2017, nagdaos ng ika-10 anibersaryong pagsamba at pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling ang iglesya namin. Si Rev. Heesun Lee, Tagapatnubay na Pastor ng Manmin sa Buong Mundo ang naging tagapagsalita. Nang ilapat niya sa akin ang panyong makapangyarihan na dinalanginan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, nag-init ang buong katawan ko dahil sa apoy ng Banal na Espiritu. Nawala lahat ng matinding pananakit ng katawan at ulo ko (Ang Mga Gawa 19:11-12). Hallelujah!

Nagkaroon ako ng mapayapang isipan, hindi ko pa naranasan ito noon. Natiyak kong lubos akong gagaling. Nawala lahat ng sintomas sa katawan ko. Malusog na ang buhay ko ngayon.

Habang naglilingkod ako sa Panginoon at ibinibigay ang buhay sa Kanya sa pananalangin, naging totoo sa akin ang salitang 'masaya'. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos ng Pag-ibig dahil dinala Niya ako sa Panginoon at ginamot ako mula sa sakit na AIDS. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastor dahil sa kapangyarihan ng panyong ginagamit niya.

# "Naging malinaw ang paningin ko, 1.5/1.5 sa dalawang mata!"

Noong nag-aaral pa ako, malinaw ang mga mata ko. Kapag sinusuri ito, palaging 2.0/1.5, ipinagmamalaki ko ito. Nang magsimula akong magtrabaho, madalas akong nagbibiyahe kaugnay ng negosyo ko. Nagmamaneho ako ng sariling sasakyan kaya madalas akong mapagod, palaging masakit ang ulo ko. Minamasahe ko ang ulo at mga balikat ko habang nagmamaneho.

Noong taong 2014, nakita sa pagsusuri ang dahilan kung bakit palagi akong pagod at masakit ang ulo; ito ay dahil sa malabong paningin ko, 1.2/0.6. Marami akong narinig na mga patotoo ng mga miyembro ng iglesya na gumaling mula sa panlalabo ng mata, gusto ko ring maranasan ito. Tuwing may pagsamba, tinatanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor para sa mga maysakit nang may pananampalataya.

Noong taong 2016, nagpasuri ulit ako sa ospital. Ang paningin ko ay 1.2/0.9, mayroong pagbabago sa kanang mata ko. Nagbalik-tanaw ako, natanto ko na hindi na sumasakit ang ulo ko, mas mabuti na ang pakiramdam ko kaysa dati. Hiniling ko na mas bumuti pa ang paningin ko.

Noong Marso 2018, kapag tinitingnan ko ang buwan, parang napakalayo nito, pero ngayon, mas malinaw at malapit na ito. Inisip ko, malinaw na ang mga mata ko. Masaya akong nagpasuri muli. 1.5/1.5 na sa dalawang mata. Hallelujah!

Noong taong 1996, isinama ako ng lola ko sa Manmin Central Church. Naging aktibo akong Cristiano noong taong 2002. Noong Enero 2004, nagsimula akong magtrabaho bilang insurance salesman. Gusto kong magkaroon ng biyayang pampinansyal at magbigay ng luwalhati sa Diyos para magpalakas din sa pastol. Pinanghawakan ko ang talatang, "Anumang ihasik ng tao, ay siya rin niyang aanihin" (Galacia 6:7). Ibinigay ko ang buong sweldo ko sa Diyos.

Noong Mayo 2004, binigyan ako ng pagkakataon na maghandog ng mga bulaklak sa altar para sa Special Revival Meeting. Masayang-masaya kaming dalawa ng kapatid kong si Diakono Jongwook Ham sa mga bulaklak habang nagboboluntaryong tumulong sa mga taong may kapansanan. Noong Mayo 2008, ipinagbili ko ang kotse ko at inihandog ang perang pinagbilhan sa pagsamba. Biniyayaan ako ng Diyos ng kasaganahan sa pagtatrabaho. Pagsapit ng Hulyo, nakapagbigay na ako ng labindalawang dolyar bilang ikapu.

Sinasabi ng 2 Mga Taga-Corinto 9:7, "Ang bawat isa ay magbigay ayon sa ipinasiya ng kanyang puso, hindi mabigat sa kalooban, o dala ng pangangailangan, sapagkat iniibig ng Diyos ang nagbibigay na masaya." Habang nagbibigay kami ng asawa ko ng handog nang buong puso, patuloy kaming pinagpapala ng Diyos, patuloy na tumataas ang posisyon ko sa trabaho. Direktor na ako ngayon. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos.




Diakono Jinwook Ham,
39 taong gulang, Parokya 16,
Manmin Central Church

**Resulta ng Pagsusuri ng mga Mata**




▲ Bago idalangin: 1.2/0.6




▲ Pagkatapos idalangin: 1.5/1.5


## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714